# Ikaapat na Markahan

## IKALAWANG LINGGO

### Panlingguhang Layunin

**Pag-Unawa sa Napakinggan**
Nasasagot ang mga literal na tanong tungkol sa napakinggang kwento F5PN-IVb-3.1

**Wikang Binibigkas**
Naipapahayag ang sariling opinyon o reaksyon o ideya sa napakinggang isyu F5PS-IVb-h-1

**Gramatika**
Nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pakikipagdebate tungkol sa isang isyu F5WG-IVb-e-13.2

**Pag-Unlad ng Talasalitaan**
Naibibigay ang kahulugan ng salita pamilyar at di-pamilyar na mga salita sa pamamagitan ng pag-uugnay sa sariling karanasan F5PT-IVa-b-1.12

**Pag-Unawa sa Binasa**
Natutukoy ang paniniwala ng may-akda ng teksto sa isang isyu F5PB-IVb-26

**Panonood**
Naiuugnay ang sariling karanasan sa napanood F5PD-IVb-d-17

**Paunang Pagtataya**

Sabihin kung anong uri ng pangungusap ang mga sumusunod.

1. Ibibili kita ng maraming kendi.
2. Wow! Ang tunog naman!
3. Bukas kami magtutungo sa silid-aklatan.
4. Ano ang ibig mong ibili ko sa iyo?
5. Pakitulunbgan mo nga ako sa isang gawain.

**IKAAPAT NA MARKAHAN**
**Ikalawang Linggo**
**Unang Araw**

**Layunin**

Nasasagot ang mga literal na tanong tungkol sa napakinggang kwento

**A. Paksang Aralin**

Pagsagot ng mga literal na tanong tungkol sa napakinggang kwento

**B. Sanggunian**

F5PN-IVb-3.1

Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5 (Pagbasa) pahina 118-119

Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5 TM ph. 139-144

**C. Mga Kagamitan**

kwento, graphic organizer,

**Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**
   Ipabasa ang mga salitang nakasulat sa metacards.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **tuso** | **Kapagud-pagod** | **naglalambitin** | **lahi** |
| **Bungang-kahoy** | **matatakaw** | **pampang** | **pulo** |

2. **Balik-Aral**
   Paano mo masasagot ng wasto ang mga tanong mula sa napakinggang alamat?

3. **Mga Gawain**
   **A. Pagganyak**

Ipasuri sa mga mag-aaral ang isang larawan. Magtanong sa mga bata kung may alam silang kwento tungkol sa mga unggoy at buwaya. Hayaang ikwento ang ibang bahagi nito.

Pasagutan ang inihandang talasalitaan. Ipagamit ang mga salita sa sariling pangungusap.

**B. Paglalahad**

Ilahad ang pamagat ng kwento. Ipaalala ang mga pamantayan sa pakikinig. Iparinig ang kwento sa klase.

**Ang Unggoy at ang Buwaya**

Sa isang pulo ay may nakatirang mag-amang lahi ng mga unggoy. Sa pulong ito, malinaw, malalim, malinis ang tubig sa ilog na nakapalibot ditto. Nakatira rin ang lahi ng matatakaw na buwaya sa ilog na nakapalibot sa pulo. Masarap at masaya ang buhay ng mga unggoy dahil marami ang mga punongkahoy na namumunga rito. Gayundin ang mga buwaya dahil sagana sila sa isda at iba pang hayop na minsan ay naliligaw sa ilog. Subalit dahil sa pagdami ng mga matsing at buwaya, dumating ang panahon na wala na halos silang makain.

Isang araw, habang masayang naglalambitin sa mga sanga ang mga unggoy, napansin ng isa na maraming bungang-kahoy sa kabilang pulo. Tuwang-tuwa ang kanyang mga kasamahan. Gustong-gusto nilang lumangoy papunta sa kabilang pampang. Ngunit dahil maraming buwayang gutom ang nangakaabang sa kanila, wala silang madaraanan. Gustung-gusto ng buwaya ang masarap nilang atay.

Pumunta ang tusong unggoy sa tabi ng ilog at tinawag ang pinuno ng mga buwaya. “Pinunong Buwaya, may mahalagang mensahe ang hari,” ang kanyang pakli.

Lumabas naman ang pinuno na halos nasa tabi ng unggoy. “Ano ang maipaglilingkod naming sa mahal na hari?” usisa ng punong buwaya.

“Nais malaman ng hari kung ilan kayong lahat. Magpapasko na kasi at bibigyan kayo ng regalo. Pumila kayo at bibilangin ko kung ilan kayong lahat,” sagot naman ng unggoy. “Isa, dalawa, tatlo, apat…tatlumpu’t pito,” sabay talon sa kabilang pampang. Nakatawid siya sa kabilang pulo nang walang kapagud-pagod.

**C. Pagtatalakay**

Pagkatapos ng nakalaang oras para pakinggan ang kwento, magkaroon ng talakayan tungkol sa napakinggang teksto.

Itanong:

1. Tungkol saan ang kwentong napakinggan?
2. Sinu-sino ang tauhan sa kwento?
3. Saan at kailan nangyari ang kwento?
4. Ilarawan ang tirahan ng mag-aamang unggoy.
5. Bakit naubos ang pagkain ng mga unggoy at buwaya?
6. Ano ang katangian ng unggoy?buwaya?
7. Isalaysay kung paano nakatawid sa kabilang pulo ang unggoy.

Ipaliwanag na ang mga tanong na iyong ginamit sa pagtatalakay ay mga tanong na literal kung saan ang mga sagot sa mga tanong na ito ay mga impormasyong tuwirang nakalahad sa tekstong napakinggan.

**D. Pagpapayamang Gawain**

Para sa Gawin Mo, pasagutan ang balangkas tungkol sa kwentong napakinggan.

**E. Paglalahat**

Ano ang kahulugan ng literal na mga tanong?

Paano mo masasagutan ang mga literal na tanong mula sa inyong napakinggang teksto?

**F. Paglalapat**

Magkakaroon ng pangkatang gawain. Bawat pangkat ay pipili ng isang magbabasa ng maikling kwento na inihanda ng guro. Pagkatapos mapakinggan ang kwentong binasa ng kagrupo, ang mga miyembro ang siyang magsasagot ng mga tanong na tungkol sa kanilang napakinggan.

*Maaaring gamitin ng guro ang kahit na anong kwento na kanyang nabasa o nahanap sa iba pang sanggunian.*

**Pagtataya**

Pakinggang mabuti ang kwentong babasahin ng guro. Sagutan ang mga sumusunod na literal na mga tanong ayon sa inyong napakinggang kwento.

**Taniman sa Bukid**

Isa sa pinakamasayang panahon sa kabukiran ang pagtatanim. Masiglang isinagawa ng mga magsasaka ang gawaing ito. Nasa takdang panahon ang pagtatanim. Naniniwala ang mga magsasaka na hindi aani nang maganda kung di mabuti sa panahon ang pagtatanim.

Nasa kabukiran ang kaligayahan ng magsasaka. Maluwag sa loob nilang tinanggap ang anumang kapalaran. Maligaya nilang hinaharap ang kaloob sa kanila ng Maykapal.

Marunong makipagsapalaran ang mga magbubukid. Taimtim nilang idinadalangin na sana'y ang susunod na anihan ay maging masagana.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang pamagat ng kwentong iyong napakinggan?
2. Saan nagiging masaya ang agawaing pagtatanim?
3. Paano isinasagawa ng mga magsasaka ang pagtatanim?
4. Ano ang paniniwala nila tungkol sa pag-aani?
5. Nasaan ang kaligayahan ng magsasaka?
6. Paano tinatanggap ang isang magsasaka ang kanyang kapalaran?

**Takdang Aralin**

Pumili ng isang maikling kwento. Bumuo ng limang literal na tanong mula sa iyong napiling kwento. Pumili ng isang kapareha. Ang magkapareha ay magpapalitan ng pakikinggang kwento at sasagutang mga tanong. Iuulat sa klase ang awtput.

**IKAAPAT NA MARKAHAN**
**Ikalawang Linggo**
**Ikalawang Araw**

**Layunin**

Naipapahayag ang sariling opinyon o reaksyon o ideya sa napakinggang isyu
Nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pakikipagdebate tungkol sa isang isyu

**A. Paksang Aralin**

Pagpapahayag ng sariling opinion o reaksyon o ideya sa napakinggang isyu
Paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap sa pakikipagdebate tungkol sa isang isyu

**B. Sanggunian**

F5PS-IVb-h-1
F5WG-IVb-e-13.2
Landas sa Wika 6 pahina 70-74

**C. Mga Kagamitan**

Kwento, puzzle, activity card

**Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**

Ipabasa nang wasto ang mga pangungusap. Ipabigay kung anong uri ng pangungusap ang kanilang binasa.

1. Maraming tao ang nagsimba sa araw ng pista.
2. May palaro ba sa plasa?
3. Papasukin mo ang mga bisita natin.
4. Maaari po bang humingi ng tubig na maiinom?
5. Naku! Nadulas ang bata sa palosebo!
6. Masaya ang pista dito sa  inyo.
7. Gusto mo pa ng leche flan?
8. Masaki tang tiyan ko!
9. Pahiran mo ng *acete de manzanilla.*
10. Pwede na po ba akong umuwi?

2. **Balik-Aral**

Magkaroon ng pagbabalik-aral tungkol sa uri ng pangungusap. Ipatukoy sa mga bata kung anu-ano ang mga uri ng pangungusap.

3. **Mga Gawain**

**A. Pagganyak**

Ipahanap sa puzzle ang mga salitang may kinalaman sa tatalakaying aralin. Ipasulat ito sa metacards. Papagbigayin ng ilang paliwanag ang mga bata tungkol sa bawat salitang kanilang nahanap.

**B. Paglalahad**

Ilahad sa klase ang teksto/isyu. Pumili ng batang magbabasa ng nasabing teksto sa klase. Maaari rIn itong ipabasa ng dalawahan, tatluhan o pangkatan.

Marami nang nalathalang mga balita at impormasyon ukol sa pag-unlad ng mga karatig-bansa ng Pilipinas. Tinagurian silang pitong dragon. Napakabilis ng pag-unlad ng mga bansang tulad ng Indonesia, Malaysia, Thailand, Hong Kong, Taiwan, Singapore, at South Korea. Hindi katulad ng Pilipinas na hanggang ngayon ang mga Pilipino ay nakasadlak pa rin sa kahirapan.

May mga suliranin tayong dapat lutasin upang umunlad an gating bansa. Unang-una ay ang isyung kapayapaan at katahimikan sa bansa. Ikalawa ay ang kalinisan at pangangalaga sa paligid na tila nalilimutan na ng bawat Pilipino. Ikatlo ay ang isyu ng kahirapan ng nakararaming mamamayan. Ikaapat ay ang kawalan ng edukasyon ng mga kabataan na siyang inaasahang maglilingkod sa bayan. Paano nga ba malulutas ito ng bansang Pilipinas?

**C. Pagtatalakay**

Magkakaroon ng talakayan ang klase tungkol sa binasang teksto. Ipasagot ang mga sumusunod na tanong.

1. Tungkol saan ang binasang teksto?
2. Ano ang tawag sa mga karatig-bansa ng Pilipinas na patuloy sa pag-unlad?
3. Ano ang dapat na gawin ng Pilipinas upang makasabay sa mga karatig-bansa nito?
4. Anu-anong mga isyu ng bansa ang dapat na lutasin o bigyang pansin upang tayo ay umunlad?

**D. Pagpapayamang Gawain**

Mula sa binasang teksto, ipagawa ang Gawin Natin kung saan magbibigay ang mga bata ng mga pangungusap na ginamit sa teksto. Papagbigayin ang mga bata ng kani-kanilang reaksyon o ideya at opinion hinggil sa isyung kanilang nabasa/napakinggan.

Sa Gawin Mo, hahatiin ang klase sa dalawang grupo. Ang dalawang grupo ay magsasagawa ng isang debate tungkol sa isang isyung mapipili nila. Bigyang diin na kailangang gumamit sila ng iba't ibang uri ng pangungusap sa kanilang pagdedebate

**E. Paglalahat**

Ano ang iyong natutuhan sa aralin ngayon? Sa paanong paraan mo maihahayag o maibibigay ang iyong mga reaksyon, opinyon at ideya tungkol sa isang napakinggang isyu? Anu-anong uri ng pangungusap ang maaari mong magamit sa pakikipagdebate?

**F. Paglalapat**

Pangkatang Gawain

Ang bawat pangkat ay bibigyan ng envelope na may lamang manila paper, marker at kwento. Tahimik na babasahin ang nakatakdang gawain at pagkatapos ay isasagawa na ito.

Unang Pangkat – pumili ng isang napapanahong isyu at magbigay ng mga rekasyon, opinion o ideya tungkol dito. Iulat ito sa klase.

Ikalawang Pangkat- mag-isip ng isang napakinggan o nabasang isyung kinasasangkutan ng bansa. Magsagawa ng tatlong minutong debate tungkol dito. Gumamit ng iba't ibang uri ng pangungusap sa pagdedebate.

**Pagtataya**

Magbigay ng sariling reaksyon, opinion o ideya hinggil sa sumusunod na isyu.

**Labanan ang polusyon**

Malaking isyu ngayon ang pagkasira ng kapaligiran dahil sa lumulubhang polusyon sa lupa, tubig, at hangin. Malulutas ang suliraning ito kung makikipagtulungan ang bawat tao. May mga batas na dapat sundin at may mga kautusang ipinatutupad ang ating pamahalaan. Magiging malinis ang paligid kung gagawin ng bawat isa ang kanilang tungkulin. Tayo ang dapat mangalaga na likas na kayamanan at ang pag-unlad ng bayan ay sa atin nakasalalay.

**Takdang Aralin**

Gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap, ibigay ang sariling reaksyon o ideya sa panukala ng ilang mambabatas na tuluyang ipagbawal ang pagtotroso at pagpuputol ng mga punongkahoy.

**IKAAPAT NA MARKAHAN**
**Ikalawang Linggo**
**Ikatlong Araw**

**Layunin**

Naibibigay ang kahulugan ng salita pamilyar at di-pamilyar na mga salita sa pamamagitan ng pag-uugnay sa sariling karanasan
Natutukoy ang paniniwala ng may-akda ng teksto sa isang isyu

**A. Paksang Aralin**

Naibibigay ang kahulugan ng salita pamilyar at di-pamilyar na mga salita sa pamamagitan ng pag-uugnay sa sariling karanasan
Natutukoy ang paniniwala ng may-akda ng teksto sa isang isyu

**B. Sanggunian**

F5PT-IVa-b-1.12

F5PB-IVb-26

Landas sa Pagbasa 6 ph. 24-25

**C. Mga Kagamitan**

LM, metacards, larawan

**Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**
   Basahin ang bawat pangungusap. Ibigay ang kahulugan ng mga may salungguhit na salita sa papamagitan ng pagbibigay ng kanilang kasalungat. Isulat ang sagot sa sagutang papel.
   1. **Humusay** ang kaniyang pagguhit dahil sa pag-eensayo.
   2. Ang batang **makulit** ay napagalitan ng nanay.
   3. **Walang humpay** ang pag-iyak ng bata.
   4. Pati hangin yata’y walang pakialam sa **kapal** ng usok na nakabalatay
   5. May **maliit** na liwanag na natatanaw ang bata.

2. **Balik-Aral**
   Sa paanong paraan mo matutukoy ang kahulugan ng isang salita?

3. **Mga Gawain**

**A. Pagganyak**

Itanong: Anu-ano ang mga tradisyon ng mga Pilipino ang alam ninyo?

Magpakita ng halimbawa ng banderitas o larawan ng isang pista. Itanong sa mga bata kung saan o kailan nila madalas makikita ang mga bagay na ipinakita. Pasagutan ang Tuklasin Mo na makikita sa LM kung saan magbibigay ang mga bata ng mga salitang naiisip nila na may kinalaman sa pista. Sabihing ang kwento/teksto tatalakayin ngayong araw ay tungkol sa pista ng bayan.

**B. Paglalahad**

Ilahad ang pamagat ng teksto.

Isa-isahin ang mga pamantayan sa pagbasa nang tahimik. Ipabasa nang tahimik ang kwento.

**C. Pagtatalakay**

Ipagawa ang Gawin Natin kung saan ipasasagot ang nabuong tanong-pagganyak at ang mga Gabay na Tanong tungkol sa binasang teksto. Itanong kung ano ang mga paniniwala ng may-akda san g teksto tungkol sa pagdiriwang ng pista.

**D. Pagpapayamang Gawain**

Sa Gawin Mo, kukumpletuhin ng mga bata ang tsart kung saan magtatala ang mga bata ng mga salitang naging pamilyar at di-pamilyar para sa kanila mula sa binasa nilang teksto. Ipaugnay ang mga salitang ito sa kanilang sariling karanasan upang matukoy ang kahulugan.

**E. Paglalahat**

Ano ang ibig sabihin ng pamilyar na salita? di pamilyar na salita?

Paano mo matutukoy ang kahulugan ng mga salitang ito?

Pasagutan ang balangkas sa Isaisip Mo.

**F. Paglalapat**

Basahin nang tahimik ang talata. Piliin ang mga salitang pamilyar at di pamilyar mula sa binasang teksto. Sa tulong ng pag-uugnay ng sariling karanasan, tukuyin ang kahulugan ng bawat isa. Tukuyin din ang paniniwala ng may-akda ng binasa tungkol sa isyung kanyang sinulat.

**Pagtataya**

Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit.

**Takdang Aralin**

Magbigay ng 5 salitang pamilyar at 5 salitang di pamilyar sa iyo. Ibigay ang kahulugan nito sa pamamagitan ng pag-uugnay ng iyong sariling karanasan.

**IKAAPAT NA MARKAHAN**
**Ikalawang Linggo**
**Ikaapat na Araw**

**Layunin**

Naiuugnay ang sariling karanasan sa napanood

**A. Paksang Aralin**

Pag-uugnay ng sariling karanasan sa napanood

**B. Sanggunian**
F5PD-IVb-d-17, youtube.com

**C. Mga Kagamitan**

Video clip, metacards, larawan, activity card

**Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**
   Gamit ang metacards, magpasulat sa mga bata ng mga karanasang hindi nila nalilimutan. Paramihan sila ng maisusulat. Ipaulat ito sa klase.

2. **Balik-Aral**
   Anu-ano ang mga pamantayang dapat isaalang-alang sa panonood?

3. **Mga Gawain**

   **A. Pagganyak**
   Itanong: Anu-ano ang mga bagay na ibinibigay o binibili ng inyong nanay para sa inyo? Naranasan na ba ninyong kayo naman ang bumili o magbigay sa inyong mga nanay? Ibahagi ito sa klase.

   **B. Paglalahad**
   Ilahad ang pamagat ng video clip.Isa-isahin muli ang mga pamantayan sa panonood. Pagsasagawa ng panonood ng mga bata.

   **C. Pagtatalakay**
   Itanong ang mga sumusunod:
   1. Ano ang pamagat ng palabas?
   2. Sino-sino ang mga tauhan sa palabas?
   3. Saan ito naganap?
   4. Ano ang katangian ng mga tauhan?
   5. Naranasan mo na ba ang naging karanasan ng tauhan sa palabas? Ano ang iyong ginawa at bakit?

**D. Pagpapayamang Gawain**

Sabihin: Ibahagi o iugnay ang napanuod na palabas sa iyong sariling karanasan Sumulat ng maikling talata tungkol dito.

**E. Paglalahat**

Ano ang iyong natutuhan sa aralin ngayon?

**F. Paglalapat**

Magsagawa ng isang pangkatang gawain kung saan iisip ang mga bata ng isang pelikula o palabas na gusto nila at isasadula ang piling bahagi o eksena nito.

**Pagtataya**

Iugnay ang sariling karanasan sa isang pelikulang tumatak sa iyong isipan. Sumulat ng isang maikling talata tungkol dito.

**Takdang Aralin**

Pumili ng isang palabas na paborito mo at iugnay ang isang karanasan dito.

**IKAAPAT NA MARKAHAN**
**Ikalawang Linggo**
**Ikalimang Araw**

**Layunin**

Nasasagot ang mga tanong sa pagsusulit upang matukoy ang araling natutunan.

**Paksang Aralin**

Lingguhang Pagsusulit

**Gawain**

A. Pakinggang mabuti ang kwentong babasahin ng guro. Sagutin ang mga tanong pagkatapos. (May kalayaan ang guro sa pagpili ng kwentong gagamitin sa pagsusulit.)

B. Gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap, ipahayag ang sariling opinyon o reaksyon o ideya hinggil sa isyung pag-aalis ng mga uniporme sa pag-aaral.

C. Ibigay ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit kaugnay ng sariling karanasan.

1. Ang gintong **pangarap** ng kanyang ina ay ang Makita siyang isang ganap na doktor na.
2. Nagpakahirap sa pagtatrabaho ang ina ni Mabini upang **maitaguyod** ang kanyang pag-aaral.
3. Sa kanyang pagsusumikap, hindi niya **inalintana** ang init ng araw at patak ng ulan.
4. Ang mga magulang ay **hangad** ang mabuti para sa kanilang mga anak.
5. Ang maging alagad ng Diyos ang siyang **pinakadakilang** karangalang maaaring makamit ng tao sa buhay na ito.